www.kidsworship.kr

5th Story

# Nagbago si Saulo nang makilala niya si Hesus!



**Narration** Nang ang Tagapaglingkod na si Esteban ay binato hanggang sa mamatay, isang kabataang lalaki na nagngangalang Saulo ang nag-iisip na ang pag-kamatay ni Esteban ay tama lang dahil sa ginawa niya.

**Saul** Ang pagpatay kay Esteban ay tamang desisyon para sa Diyos, ang mga taong walang saysay ay dapat parusahan sa pangalan ng Diyos.



**Narration** Pagkatapos noon, sinubukan ni Saulo na sirain ang simbahan kung saan nagtitipon ang mga mananampalataya kay Hesus. Pagkatapos ay nag-babahay-bahay siya, hinahanap ang mga taong naniniwala kay Hesus, at ipinakukulong niya silang lahat.

**Saul** Hanapin ang bawat isa sa kanila na naniniwala kay Hesus, silang lahat! Ipa-kulong silang lahat!



**Narration** Isang araw, papunta si Saulo sa Damascus para hulihin ang mga manan-ampalataya kay Hesus.

**Saul** Ang mga naniniwala kay Jesus ay kumalat hanggang sa Damascus. Ang mga taong ito na lumalapastangan sa pangalan ng Diyos... Pupunta ako hangang sa mga dulo ng daigdig at ipahuhuli ko silang lahat! Hahaha~ Uh.. Huh? A-Ano ito?

**Narration** Isang maliwanag na sikat mula sa langit ang lumiwanag kay Saulo.


**Saul** Hindi!!! ano itong napakaliwanag na ito? Ahhhh Uhhhh!!!



**Narration** Si Saulo, ay natumba sa lupa, at nakarinig ng isang tinig mula sa langit.

**Jesus** Saulo! Saulo! Bakit mo ako inuusig?

**Saul** Huh?... si··· Sino? Sino kayo Panginoon?



**Jesus** Ako si Hesus na inuusig mo. Mula ngayon, makinig kang mabuti sa ak-ing sasabihin. “Tumayo ka’t pumasok sa lungsod, at doo’y sasabihin sa iyo kung ano ang dapat mong gawin.”


**Narration** Tumayo si Saulo mula sa lupa at idinilat ang kanyang mga mata, ngunit hindi siya makakita, na para bang nabulag siya. Kaya, hinawakan ng mga tao si Saulo sa kamay at dinala siya sa lungsod ng Damasco. Sa Damasco ay may isang alagad na ang pangala’y Ananias. Tinawag siya ng Pangi-noon sa pamamagitan ng isang pangitain.



**Jesus** Ananias~ Ananias~

**Ananias** Po~ Panginoon~ Magsalita po Kayo~

**Jesus** Bumangon ka ngayon, pumunta ka sa sambahayan ni Judas at hanapin isang lalaking taga-Tarso na ang pangala’y Saulo. Pagkatapos ay ipatong mo ang iyong mga kamay sa kanya at sabihin mo sa kanya kung ano ang dapat na susunod niyang gagawin.









**Ananias** Saulo? Si Saulo ay isang taong nang-uusig at nagkukulong sa amin na naniniwala kay Hesus. Pero tutulungan ko po?

**Jesus** Ananias, binago ko na siya. Kaya huwag kang matakot at umalis ka na.

**Ananias** Opo Panginoon, masusunod po. --Uy~ May tao po ba? Mayroon bang sinuman dito na ang pangalan ay Saulo?

**Saul** Ako si Saulo.

**Ananias** Kapatid na Saulo, sinabi sa akin ni Hesus na hanapin ka at sabihin ang ipinasasabi Niya sa iyo.

**Saul** Ah ganon po ba. Kung ganoon, ikaw po pala ang sinasabi ni Hesus.

**Ananias** Opo. Idilat mo na ngayon ang iyong mga mata at makakakitang kang muli sa pangalan ni Hesu Kristo.

**Saul** Makakakita ulit... uh??? Nakakakita ako!!! Nakikita ko, nakakakita talaga ako~ Namulat na muli ang mga mata ko! Nakikita ko na ang nasa harap ko~~

**Narration** Si Saulo ay nabautismuhan habang kasama niya ng mga alagad at habang nakikinig siya sa Mabuting Balita, napuspos siya ng Banal na Espiritu.

**Saul** Ha! Namatay pala si Hesus para sa taong katulad ko...

**Narration** Pagkatapos, nagsimulang pumunta si Saulo sa iba't ibang sinagoga at ipinangaral na si Hesus ang Anak ng Diyos.

**Saul** Maniwala kayo sa Panginoong Hesus~ Si Hesus ang Anak ng Diyos na naparito para iligtas tayo. Maniwala kayo kay Hesus, mga kapatid~~

**Narration** Matapos makilala si Hesus, si Saulo, na dating umusig sa mga naniniwala kay Hesus, ay nagbago at naging mabuting taong ipinapangaral si Hesus.